



### Tungkol sa Harmony Prenatal Test

Ang Harmony Prenatal Test ay ginawa para mas maging eksakto ang prenatal Down syndrome screening test sa pagbubuntis kaysa sa karaniwang pagsusuri. Nadaig ng Harmony Prenatal Test ang First Trimester Screening sa pangkalahatang nagbubuntis<sup>3</sup>.

#### Harmony laban sa Karaniwang Down Syndrome Tests<sup>3</sup>

	DAMI NG FALSE-POSITIVE*	DAMI NG PAGTUKLAS**
<b>HARMONY</b> Prenatal Test	Mababa sa 1 sa bawat 1,600	Higit sa 99 sa bawat 100
<b>TRADISYONAL</b> First Trimester Screening***	Isa sa bawat 20	79 sa bawat 100

\*Nagpapakita nang mataas na posibilidad nang pagkakaroon ng Down Syndrome maski HINDI ito totoo

\*\*Tamang pagpapakita nang mataas na posibilidad nang pagkakaroon ng Down Syndrome kapag ITO AY totoo

\*\*\*Serum PAPP-A, total o libreng  $\beta$ -hCG & Nuchal Translucency

Ang Harmony Prenatal Test ay napatunayang magagamit sa pagsusuri ng mga kambal at mga pagbubuntis sa pamamagitan ng IVF, kabilang ang mga pagbubuntis na gumamit ng sariling itlog o itlog ng iba<sup>4</sup>.

#### Mga mapagpipiliang pagsusuri:

- Trisomy 21, 18, at 13 (isa at kambal na fetus)
- Kasarian ng fetus (isa at kambal na fetus)
- Monosomy X (isang fetus lamang)
- Sex chromosomes aneuploidy panel (isang fetus lamang)
- 22q11.2 (isang fetus lamang)

**harmony**<sup>®</sup>  
Pagsusuring Mga Serbisyo ng Ariosa Diagnostics

#### Bakit Kailangang Gamitin ang Harmony

Ang Harmony Prenatal Test ay isang pagsusuri. Matutukoy nito kung mayroong mataas o mababang posibilidad nang pagkakaroon ng pangkaraniwang mga kondisyon na chromosomal: Down syndrome (trisomy 21), trisomy 18 at trisomy 13. Matutukoy din nito kung mayroong posibilidad na magkaron nang labis o kulang na sex chromosome (X o Y) at ang magiging kasarian ng inyong anak.

Para sa karagdagang impormasyon, kumunsulta sa inyong healthcare provider o pumunta sa [harmonytestusa.com](http://harmonytestusa.com)

1. Bassett et al. J Pediatr. 2011 Agosto;159(2):332-9.
2. ACOG/SMFM Committee Opinion No. 640. Setyembre 2015.
3. Norton et al. N Engl J Med. 2015 Abril 23;372(17):1589-97.
4. Gil et al. Fetal Diagn Ther. 2014; 35: 204-11.

Sinusukat ng Harmony Prenatal Test ang panganib nang pagkakaroon ng isang babaeng nagbubuntis ng mga kondisyong chromosomal tulad ng Trisomies 21, 18 at 13. Kung mataas ang posibilidad ng inyong resulta, kumunsulta sa inyong healthcare provider ukol sa karagdagang pagsusuri para matiyak ang resulta. Ang Harmony Prenatal Test ay nilikha ng Ariosa Diagnostics, isang laboratoryong sertipikado ng pamahalaang pederal para magsagawa ng mga pagsusuring napakumplikado. Ang pagsusuring ito ay nilikha mula sa laboratoryo at hindi pa narerepaso o aprobado ng FDA.



© 2019 Ariosa Diagnostics, Inc. Ang lahat ng mga karapatan ay nakalaan. Ang ARIOSA, Ariosa logo, ARIOSA DIAGNOSTICS, Ariosa Diagnostics logo, ang HARMONY Prenatal Test at HARMONY ay trademark o rehistradong trademark ng Ariosa Diagnostics, Inc. sa Amerika at iba't-ibang bansa. Ang lahat ng iba pang mga trademark ay pag-aari ng kaukulang may-ari. MM-00315-031815-Rev5.0 MC-US-03033-0319

MC-US-03033

**harmony**<sup>®</sup>  
Testing Services by Ariosa Diagnostics



PAGSUSURI BAGO MANGANAK

# Para sa Inyo

Mahalagang mga sagot

## Ano ang ibig sabihin ng non-invasive prenatal testing (NIPT)?

Ang NIPT ay isang pagsusuri ng dugo kung saan tinitingnan ang DNA ng fetus na matatagpuan sa dugo ng ina. Tinitiyak ng pagsusuring ito kung mataas ang posibilidad ng pagkakaroon ng ilang mga chromosomal abnormalities, kasama ang Down syndrome (trisomy 21), Edwards syndrome (trisomy 18), Patau syndrome (trisomy 13) at mga sex chromosomal abnormalities. Natitiyak din ng NIPT ang posibilidad ng pagkakaroon ng inyong anak ng isang kondisyon na nauugnay sa ilang mga microdeletions.

## Ano ang ibig sabihin ng 22q11.2 deletion syndrome?

Maraming iba't-ibang uri ng mga microdeletions, Ito ay isang uri ng mga karamdamang dulot nang pagkawala ng kaunting genetic information. Ang pangkaraniwang microdeletion ay ang 22q11.2 deletion syndrome. Naaapektuhan nito ang 1 sa bawat 1,000 hanggang sa 1 sa bawat 2,500 nagbubuntis. Ito ay halos kasing karaniwan ng Down syndrome<sup>1</sup>.

Ang maagang pagtuklas ng 22q11.2 deletion syndrome ay makakatulong makasiguro na ang inyong sanggol ay tatanggap ng kinakailangang paggamot mula nang ito ay ipinanganak.



## Paano ginagawa ang NIPT at pagsusuri para sa 22q11.2?

Ginagawa ang Harmony Prenatal Test sa pamamagitan ng pagkuha ng dugo sa opisina ng inyong doktor.



Kinukuha ang muwestra ng dugo sa ika-sampung linggo ng pagbubuntis o higit pa.



Ipadadala ang muwestra ng inyong dugo sa laboratoryo kung saan ito ay susuriin.



Ang mga resulta ay ipapadala sa inyong healthcare provider sa loob ng 3-5 araw mula sa pagtanggap ng muwestra.

## Sino ang kakausap sa akin ukol sa aking mga resulta?

Kakausapin ka ng iyong healthcare provider para maibigay sa iyo ang mga resulta ng iyong Harmony Prenatal Test. Ang mga resulta ng pagsusuri ay magbibigay impormasyon tungkol sa panganib ng mga genetic conditions ng iyong pagbubuntis. Para makasiguro nang mataas na probabilidad ng NIPT na resulta habang nagbubuntis, maaaring magrekomenda ang iyong doktor ng diagnostic screening gaya ng Chorionic Villus Sampling (CVS) o amniocentesis.

## Ano ang posibleng mga resulta ng aking Harmony test?

May tatlong potensyal na mga resulta ang Harmony test:

**Mataas ang probabilidad.** Ito ay nangangahulugang mayroong mataas na probabilidad kaysa sa inaasahan na magkaroon ng chromosomal condition sa pagbubuntis. Maaaring irekomenda na sumailalim sa karagdagang mga pagsusuri habang nagbubuntis at/o pagsusuri pagkatapos manganak.

**Mababa ang probabilidad.** Ito ay nangangahulugang mayroong mababang probabilidad ng mga chromosomal conditions na sinuri habang nagbubuntis. Ipagpatuloy ang karaniwang pamamahala ng pagbubuntis.

**Walang nakuhang resulta.** Sa mababang porsyento ng mga kaso, hindi nakukuha ang resulta ng Harmony. Sa pagkakataong ito, maaaring magrekomenda ang inyong healthcare provider ng karagdagang pagsusuri ng inyong dugo o mag-alok ng ibang mapagpipiliang mga pagsusuri o diagnostic testing.

## Angkop ba sa akin ang Harmony Prenatal Test?

Ang panganib ng pagkakaroon ng Down syndrome sa pagbubuntis ay tumataas habang tumatanda ang babae; bagama't ang karaniwang mga kaso ay nangyayari sa mga babaeng mas bata pa sa 35 anyos dahil mas maraming total na babaeng nagbubuntis na wala pang 35 anyos. Ang Harmony Prenatal Test ay napatunayan sa mga babaeng buntis na matanda o bata pa sa 35 anyos. Sinusuportahan ng pangunahing medikal na mga lipunan ang paggamit ng NIPT nang lahat ng mga babaeng buntis<sup>2</sup>.

## Magkano ang babayaran para sa Harmony Prenatal Test?

Sakop ang Harmony nang maraming mga insurance plans. Nangangako kaming magbigay-daan sa mga pagsusuri para sa lahat ng mga babaeng buntis at makipagtulungan sa inyo anuman and inyong edad\* o kategorya ng panganib.

**Tumawag sa 1-855-927-4672 para makipag-usap sa isang Harmony Care Specialist.**

\*Para sa mga wala pang 35 anyos o matanda pa sa 35 anyos. Kasama sa mga pag-aaral ang mga babaeng 18 hanggang 48 taong gulang.

Signature Page for MC-US-03033 v1.0

Medical Approval	Ashley Allen Medical 21-Mar-2019 22:17:52 GMT+0000
Regulatory Approval	Beth Wolf Regulatory 25-Mar-2019 18:08:24 GMT+0000

Signature Page for MC-US-03033 v1.0